


T B

Magsagawa ng Mga Hakbang Upang Kontrolin ang Sakit na Tuberculosis Kapag Mayroon Kang HIV



**Centers for Disease
Control and Prevention**
National Center for HIV/AIDS,
Viral Hepatitis, STD, and
TB Prevention

English Version Included



Ano ang Nasa Loob:

Ang mga taong may HIV ay nanganganib ring magkaroon ng TB. Basahin ang pulyetong ito ngayon upang matuto tungkol sa TB at HIV. Pagkatapos ay ibahagi ang iyong natutunan sa mga kapamilya at kaibigan.

Mga Nilalaman

Hinggil sa impeksyong TB	4
Hinggil sa sakit na TB.....	5
Bigyan ng sagot ang mga tanong mo.....	7
Gawin ang mga hakbang na ito	9
Ang pag-inom ng gamot ay maaaring magligtas sa iyong buhay.....	10

Hinggil sa impeksyong TB

Magsagawa ng mga hakbang upang makontrol ang TB.


“ Nagpasuri ako sa balat para sa TB sa klinika. Nagpositibo ang aking pagsusuri sa balat para sa TB. Ipinakita ng ibang mga pagsusuri na mayroon akong sakit na TB. Nagsimula na akong uminom ng mga gamot para sa TB tulad ng iminungkahi ng aking doktor. Dahil mayroon akong HIV, nalungkot ako nang malaman kong mayroon din akong TB. Ayaw ko nang uminom ng dagdag pang gamot. Ngunit--gusto ko ring maging malusog, kaya't ininom ko ang mga gamot para sa TB. Hindi naging madali iyon, pero tinulungan ako ng mga kapamilya at kaibigan ko. Matapos ang ilang buwang paggagamot, ganap nang nawala ang mga mikrobyo ng TB. Kapag mayroon kang HIV, mahina ang iyong resistensya, kaya madali kang makakuha ng mga sakit. Mahirap na ngang pakitunguhan ang HIV. Nang sinabi ng doktor sa klinika na mayroon akong sakit na TB, sinagot ko siya, sabihin niyo lang sa akin kung ano ang dapat kong gawin at gagawin ko iyon. ”



Hinggil sa sakit na TB

Ang TB ay naikakalat sa pamamagitan ng hangin.

Ang TB ay pinaikling katawagan para sa tuberculosis, isang sakit na dulot ng maliit na mikrobyong napupunta sa hangin kapag ang isang taong may sakit na TB ay umuubo, tumatawa, kumakanta, o bumabahing. Kahit na sinong nasa malapit ay makakalanghap ng mga mikrobyong ito at makakakuha ng impeksyong TB. Karaniwang naapektuhan ng TB ang baga, ngunit minsan, naapektuhan rin nito ang ibang bahagi ng katawan. Kung hahayaang hindi nagagamot, ang impeksyong TB ay maaaring maging isang sakit na TB at iiwanan kang may malubhang sakit.



Kung mayroon kang impeksyong TB at impeksyong HIV:

- Mayroon ka lamang mga dormant (natutulog) na mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
- Hangga't dormant (natutulog) ang mga mikrobyo ng TB, hindi ito magiging dahilan upang magkasakit ka at hindi mo sila maipapasa sa sinuman.
- Pinahihina ng HIV ang resistensya ng iyong katawan. Kapag hindi pinagamot ang impeksyong TB, malaki ang tsansang magkaroon ka ng sakit na TB.

Kung mayroon kang sakit na TB, nangangahulugan ito na ikaw ay:

- May mga aktibong mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
- May sakit at maaaring may mga sintomas, tulad ng ubo (minsan ay may dugo o pananakit ng dibdib), lagnat, pagbaba ng timbang, pagkapagod, at pagpapawis sa gabi.
- Maaaring makapagpasa ng mga mikrobyo ng TB sa iyong pamilya, mga kaibigan, at sa iba pa.
- Kailangang magpagamot kaagad upang mapigilan ang mas malalang pagkakasakit at mapigilan ang pagpapasa ng mga mikrobyo ng TB sa iyong pamilya, mga kaibigan, at sa iba pa.



Maaaring ipakita ng isang x-ray sa dibdib kung mayroon kang sakit na TB.

Bigyan ng sagot ang mga tanong mo.

Malubha nga ba ang TB tulad ng sinasabi ng mga tao?

Oo, laluna sa mga taong mayroong impeksyong HIV. Maaaring magtulungan ang impeksyong TB at impeksyong HIV upang maging napakalubha ng iyong sakit. Kapag mahina ang iyong resistensya, madaling magiging sakit na TB ang hindi nagamot na impeksyong TB. Kapag hindi ginamot, ang sakit na TB ay maaaring maging sanhi ng iyong malubhang pagkakasakit o pagkamatay. Ang magandang balita, ang TB ay madaling pigilan, nagagamot, at napapagaling.

Lahat ba ng taong may HIV ay nagkakaroon ng sakit na TB?

Hindi, ngunit nangangahulugan ito na mayroon kang mas malaking tsansang magkaroon ng sakit na TB kung mayroon kang parehong impeksyong TB at impeksyong HIV. Sa dahilang ito, kung mayroon kang impeksyong HIV, maaaring gustuhin din ng iyong doktor na ipasailalim ka sa pagsusuri sa balat o dugo para sa TB.

Nagnegatibo ang aking pagsusuri sa balat para sa TB. Ngayon, sinasabi ng aking doktor na kailangan ko pang sumailalim sa iba pang pagsusuri. Bakit?

Kapag ang isang tao ay may impeksyong HIV, maaaring hindi tumugon ang pagsusuri sa balat o dugo para sa TB sa paraang inaasahan. O kaya, maaaring masyado pang maaga upang tumugon ang iyong katawan sa mga pagsusuring ito. Dahil sa mga ito, maaaring gustuhin ng iyong doktor na ipasailalim ka sa pangalawang pagsusuri sa balat o dugo para sa TB, gayundin sa iba pang mga pagsusuri, sa ibang pagkakataon.





Kailangan ko ba ng seguro sa kalusugan o social security card upang magamot para sa TB?

Sa karamihan ng mga estado, hindi mo kailangang magkaroon ng seguro o ng isang social security card o numero upang masuri o magamot para sa TB sa isang lokal na departamento ng kalusugan o klinika.

Narinig kong lahat ng tao sa Southeast Asia ay may positibong mga pagsusuri sa balat para sa TB. Totoo ba iyon?

Hindi. Kahit pa ang TB ay mas karaniwang sakit sa Southeast Asia, hindi lahat ng tao mula sa mga lugar na iyon ay may mga mikrobyo ng TB sa kanilang katawan o magkakaroon ng positibong resulta ng pagsusuri sa balat para sa TB.

Pakiramdam ko ay napakalakas at napakalusog ko, at nabubuhay ako nang balansyado. Kailangan ko pa bang uminom ng mga gamot para sa impeksyong TB?

Oo. Kung mayroon kang impeksyong HIV at impeksyong TB, napakahalagang uminom ng gamot para sa TB upang patayin ang mga mikrobyo ng TB ngayon.

Totoo ito kahit na wala kang nararamdamang sakit ngayon. Hangga't may mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan, maaari silang magising, dumami, at bigyan ka ng sakit na TB. Ang pag-inom ng gamot para sa TB ay ang tanging paraan upang patayin ang mga mikrobyo ng TB.

Gawin ang mga hakbang na ito:

1. Magpasuri ng balat o dugo para sa TB nang libre sa iyong lokal na departamento ng kalusugan. O hilingin sa iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang mga pagsusuring iyon. Ang mga pagsusuring ito ay hindi mga bakuna. Ipinapaalam ng mga pagsusuring ito sa iyong doktor kung nagkaroon ka ba kailanman ng mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
2. Kunin ang iyong mga resulta. Kung ikaw ay sumailalim sa pagsusuri sa balat para sa TB, bumalik ka sa opisina o klinika sa loob ng 2 hanggang 3 araw (48 na oras hanggang 72 oras) nang mabasa ng tagapagbigay ng pangangalaga sa iyong kalusugan ang iyong pagsusuri sa balat para sa TB. Kung ikaw ay sumailalim sa pagsusuri sa dugo para sa TB, tanungin ang iyong tagapagbigay-serbisyo kung kailan ka dapat bumalik upang kunin ang iyong mga resulta.
3. Kung mayroon kang impeksyon o sakit na TB, kakailanganin mong uminom ng mga gamot para sa TB tulad ng sasabihin ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.



Ipapakita ng pagsusuri sa balat o dugo para sa TB kung nagkaroon ka ba kailanman ng mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Maaaring kailanganin mo ring sumailalim sa iba pang mga pagsusuri.

Ang pag-inom ng gamot ay maaaring magligtas sa iyong buhay.

Maliban nalang kung gagamutin, ang mga dormant (natutulong) na mikrobyo ng TB ay maaaring magising at magdulot ng sakit na TB.

- Mas madali itong mangyari kung mayroon kang impeksyong HIV, kahit na pakiramdam mo ay malakas at malusog ka. Ang gamot sa TB ay ang tanging paraan upang patayin ang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
- Kailangan mong inumin ang iyong mga gamot sa tamang paraan, tulad ng sinasabi sa iyo ng iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi, mas tatagal at mas magiging mahirap ang paggagamot, o maaaring hindi talaga ito tumalab.

Maaaring maging mahirap ang pagsunod sa isang plano sa paggagamot.

Maaaring may iniinom ka nang mga gamot para sa impeksyong HIV, at ngayon ay kailangan mong uminom ng mas marami pang gamot. Makipag-usap sa iyong doktor upang gumawa ng planong aangkop sa iyo. Humingi ng suporta mula sa iyong mga kaibigan at kapamilya.





Sundin ang mga tip na ito:

- Magpasuri para sa TB.
- Isulat ang petsa ng iyong huling pagpapasuri ng balat o dugo para sa TB dito:

- Kung kailangan mo ng paggagamot, inumin ang lahat ng gamot araw-araw tulad ng sinabi ng iyong doktor.
- Hilingin sa isang kapamilya o kaibigan na paalalahanan kang mahalagang inumin ang lahat ng iyong gamot tulad ng itinagubilin. Isulat ang pangalan ng taong hihilingin mong tulungan kang manatili sa iyong plano sa paggagamot dito:

- Kung sa tingin mo ay nagkakasakit ka dahil sa iyong gamot para sa TB, kausapin ang iyong doktor bago tumigil sa pag-inom ng anumang gamot.

Tandaan: Kapag ginagamot mo ang TB, humahakbang ka upang protektahan ang iyong kalusugan at ang kalusugan ng ibang tao.

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa TB,
tumawag sa iyong lokal na departamento ng
kalusugan sa**

**o bisitahin ang website ng CDC Division of
Tuberculosis Elimination sa
<http://www.cdc.gov/tb>**

**Upang alamin kung saan ka maaaring magpasuri
para sa HIV o para sa higit pang impormasyon
hinggil sa HIV o AIDS, tawagan ang**

**CDC - INFO
1-800-CDC-INFO (1-800-232-4636)
1-800-232-6348 TTY**


24 Oras/Araw

Pinaunlad sa pakikipagtulungan sa Global Tuberculosis Institute sa Rutgers, The State University of New Jersey


Nilikha noong 2008 | In-update noong 2014

TB

Take Steps to Control Tuberculosis Disease When You Have HIV



Centers for Disease Control and Prevention
National Center for HIV/AIDS,
Viral Hepatitis, STD, and
TB Prevention



What's Inside:

People with HIV are also at risk for getting TB. Read this brochure today to learn about TB and HIV. Then share what you have learned with family and friends.

Contents

About TB infection	4
About TB disease	5
Get your questions answered.....	7
Take these steps	9
Taking medicine can save your life	10

About TB infection

Take steps to control TB.

“I got a skin test for TB at the clinic. My TB skin test was positive. Other tests showed that I had TB disease. I started on the TB pills as my doctor suggested. Because I have HIV, I was pretty upset when I found out I had TB too. I just didn’t want to take any more pills. But—I also wanted to be healthy, so I took the TB pills. It was not easy, but my family and friends helped me. After months of treatment, the TB germs were gone. When you have HIV, your system is weak, so you catch things pretty easily. It is hard enough dealing with HIV. When the doctor at the clinic told me I had TB disease I said, just tell me what I need to do and I’ll do it.”



About TB disease

TB is spread through the air.

TB stands for tuberculosis, a disease caused by tiny germs that are put into the air when a person who is sick with TB disease coughs, laughs, sings or sneezes. Anyone nearby can breathe in these TB germs and get TB infection. TB usually affects the lungs, but it sometimes affects other parts of the body. If left untreated, TB infection can turn into TB disease and make you very sick.



If you have TB infection and HIV infection:

- You have only dormant (sleeping) TB germs in your body.
- As long as the TB germs are dormant (sleeping), they will not make you sick and you cannot pass these germs to anyone else.
- HIV weakens your body's defenses. Without treatment for TB infection, you are very likely to develop TB disease.

If you have TB disease, it means you:

- Have active TB germs in your body.
- Are sick and you may have symptoms, such as cough (sometimes with blood or chest pain), fever, weight loss, tiredness, and night sweats.
- May be able to pass TB germs on to your family, friends, and others.
- Must get treatment right away to keep from getting sicker and continuing to pass TB germs on to your family, friends, and others.



A chest x-ray may show if you have TB disease.

Get your questions answered.

Is TB really as serious as people say?

Yes it is, especially for people with HIV infection. TB infection and HIV infection can work together to make you very sick. When your immune system is weak, untreated TB infection can quickly turn into TB disease. Without treatment, TB disease can cause you to get very sick or even die. The good news is that TB is easily prevented, treated, and cured.


Do all people with HIV get TB disease?

No, but it does mean you have a greater chance of getting TB disease if you have both TB infection and HIV infection. For this reason, if you have HIV infection your doctor may also want to give you a TB skin test or TB blood test.

My TB skin test was negative. Now my doctor says I have to have more tests. Why?

When a person has HIV infection, the TB skin test or TB blood test may not react the way it should. Or it may be too soon for your body to react to these tests. For these reasons, your doctor may want to give you a second TB skin test or TB blood test, as well as other tests, at a different time.





Do I need health insurance or a social security card to get treated for TB?

In most states, you don't need insurance or a social security card or number to be tested or treated for TB at your local health department or clinic.

I heard that all people from Southeast Asia have positive TB skin tests. Is that true?

No. Even though TB is more common in Southeast Asia, not all people from those places have TB germs in their body or will have a positive TB skin test result.

I feel strong and healthy and I live a balanced life. Do I still need to take pills for TB infection?

Yes. If you have HIV infection and TB infection it is very important to take TB medicine to kill the TB germs now.

This is true even if you do not feel sick now. As long as you have TB germs in your body, they can wake up, multiply, and make you sick with TB disease. Taking the TB pills is the only way to kill the TB germs.

Take these steps:

1. Get a free TB skin test or TB blood test at your local health department. Or ask your doctor or healthcare provider for the tests. These tests are not vaccines. These tests let your doctor know if you have ever had TB germs in your body.
2. Get your results. If you had a TB skin test, return to the office or clinic in 2 to 3 days (48 hours to 72 hours) so your healthcare provider can read your TB skin test. If you had a TB blood test, ask your provider when you should return or call to get your results.
3. If you have TB infection or TB disease, you will need to take TB medicine as your healthcare provider says.



The TB skin test or TB blood test will show if you have ever had any TB germs in your body. You may need other tests as well.

Taking TB medicine can save your life.

Unless treated, dormant (sleeping) TB germs can wake-up and make you sick with TB disease.

- This happens more easily if you have HIV infection, even if you feel strong and healthy. The TB medicine is the only way to kill the TB germs in your body.
- You need to take the pills the right way, as your doctor or healthcare provider tells you. If not, the treatment may be longer, more difficult, or not work at all.

Staying on a medicine plan can be hard. You may already be taking medicines for HIV infection, and now you may need to take more pills. Talk with your doctor to make a plan that works for you. Ask your friends and family for support.





Follow these tips:


- Get tested for TB.
- Write the date of your last TB skin test or TB blood test here:

- If you need treatment, take all of the pills each day as directed by your doctor.
- Ask a family member and friend to remind you that it is important to take all of your medicines as directed. Write the name of the person you will ask to help you stay on your medicine plan here:

- If you think your TB medicine is making you sick, talk to your doctor before stopping any medicines.

Remember: When you treat TB, you are taking steps to protect your health and the health of others.

**For more information on TB, call your
local health department at**



**or visit the CDC Division of
Tuberculosis Elimination website at
<http://www.cdc.gov/tb>**

**To find out where you can get an HIV test or for
more information on HIV or AIDS, call**

**CDC - INFO
1-800-CDC-INFO (1-800-232-4636)
1-800-232-6348 TTY**

24 Hours/Day

Developed in partnership with the Global Tuberculosis Institute at Rutgers, The State University of New Jersey

Produced 2008 | Updated 2014